

# 1

Dalawang ring lang ay may sumagot na sa kabilang linya.

“Hello, Kuya?” answered Drew. Nasa Silang, Cavite ito, *Hacienda Verona* to be exact. May nakuha silang lead na posibleng si Ana Yasmin ang babaeng anak ng dating may-ari ng hacienda.

“Kumusta ang lakad mo? Ano’ng balita?”

“Nakausap ko na si Claire Verona. Hindi siya si Anya.” he lamented.

Naimasahe niya ang mga daliri sa sintido. Not again!

“Are you sure?” muling tanong niya sa kapatid.

“Wala sa kanya ang part ng medallion.”

“P’wede namang nawala lang iyon, di ba?”

“Sana nga’y ganoon lang ang nangyari, Kuya. They’re of the same age, pero sigurado akong hindi siya si Anya. Kompleto ang adoption papers na ipinakita ni Claire. At base doo’y limang taon na siya nang ampunin ng mag-asawang Verona. And besides,

wala akong resemblance na makita.”

“Ganoon ba?” aniya sa isang pagal na tinig. Marami na silang lead na nakuha and each turned out as dead ends. Gusto na niyang mawalan ng pag-asa na makikita pa ang dalawang kapatid.

“I’m sorry, Kuya Allister.” Halata rin ang panlulumo sa tinig ni Drew. It was hard for both of them.

“It’s not your fault, Drew.” Baka hindi pa talaga umaayon sa kanila ang kapalaran. “Pabalik ka na ba sa Manila?”

“Oo. Siyanga pala, kumusta na si Jan?”

Si Jan, his wife. Nakunan ito sa ikalawang pagkakataon.

“She’s still depressed.”

“Gustong dumalaw ni Roni.”

“Huwag na lang muna,” tanggi niya. “Maiinggit lang si Jan kapag nakita ang asawa mo.”

Asawa ni Drew si Roni at tatlong buwan na itong nagdadalantao sa panganay ng dalawa.

“Thanks for the concern, though. Balak ko nga palang dalhin si Jan sa Europe. Baka sakaling

makabuti sa kanya ang bagong environment.”

“That’s a good idea. Ilang buwan ka mawawala?”

“Isang buwan lang siguro. Do you think you can handle the company while I’m gone?”

Narinig niyang tumawa si Drew.

“Wala ka bang tiwala sa kapatid mo? Besides, Roni has been working her head off. Mas mahal pa yata niya ang *Aragon Industries* kaysa sa akin. She’ll kill me if I do something stupid.”

Siya naman ang napahalakhak.

“Don’t worry about a thing, Big Brother. Asikasuhin mo na lang ang asawa mo.”

“Thanks, Drew. And thank Roni for me too.”

“I will. ’Bye.”

Nang mawala na ito sa linya ay saka pa lamang niya ibinaba ang telepono.

“Allister?”

Nilingon niya ang asawa na nakatayo sa pintuan ng kanyang opisina. Maganda si Jan, maputi, a delicate beauty.

He smiled tenderly, inilahad ang isang kamay.

Kaagad itong lumapit matapos maisara ang pinto at kumalong sa kanya.

“Si Drew ba ang kausap mo?” mahinang tanong nito. Tumango siya. “Ano’ng balita sa lakad niya?”

Malungkot siyang umiling. “Another dead end.”

She touched his cheek softly. “Oh, I’m sorry, Allister.”

Niyakap niya ito. “It’s okay. Hindi pa rin naman kami sumusuko ni Drew. Someday, I know we’ll find them.”

“I’m sure you will, Darling.” She kissed him warmly. “Narinig kong may binanggit ka about Europe?”

“Yeah! Magbabakasyon tayo sa Europe. I’m thinking of Italy. Ano sa tingin mo?” nakangiting sabi niya.

“Oh, Darling!” Jan exclaimed and kissed him again. Malamlam ang mga matang tunitig ito sa kanya pagkatapos. “Hindi mo kailangang gawin ito, Allister. I’m not asking you for anything.”

“Matagal na rin tayong hindi nakakapagbakasyon. At sa tingin ko’y ito na ang tamang panahon. Mag-enjoy ka na, mababawi mo pa ang lakas mo.”

Parang gustong maiyak ni Jan sa sinabi ng asawa. Wala siyang duda na mahal siya ni Allister, pero alam din niya ang tunay nitong nararamdaman.

Allister married her and stayed faithful to her, at ipinagpapasalamat niya iyon. Kung sana lang ay kaya niyang suklian ang sakripisyong ginawa nito.

“O, bakit? Hindi ka ba natutuwa?”

Her smile was unsure and sad. “You’ve done so much for me. I... I just wish na kaya kong ibigay ang pangarap mo, Allister. I know how much you want a child.”

“Jan, hindi ba sinabi ko nang alisin mo na sa isip mo ang bagay na iyan?”

Nangilid ang luha sa kanyang mga mata. “I don’t know what’s wrong with me! Bakit palagi na lang nawawala ang baby natin?”

“Things like that happen. At walang may gusto nito. And nothing is wrong with you, Jan. Baka sadyang hindi pa lang panahon para magkaanak tayo.”

Hindi na lamang siya kumibo. But she could feel that something is really wrong with her. At matindi ang takot na nararamdaman niya.

Katatapos lamang ng klase ni Lana nang magring ang kanyang cellphone. Si Jan ang tumatawag.

“Oh, Jan. Napatawag ka?”

“Bakit pakiramdam ko’y ayaw mo na akong kausapin?”

Napatawa siya sa kunwaring pagtatampo nito. “Come on, Jan. Alam mong hindi totoo iyan,” she said in her most lively tone. “So, bakit ka nga napatawag?”

“Masama bang kumustahin ang kaibigan ko? You haven’t been in touch with us for quite a time.”

Somehow, her friend’s words made her feel guilty.

“I’m just busy. Alam mo namang makukulit itong mga chikiting na tinuturuan ko.” She tried to sound convincing. Narinig niyang napa-*hmp* lang ito.

“Sige na nga, naniniwala na ako. Libre ka ba ngayon?”

“Why?”

“Magkita naman tayo. Nababagot na ako dito sa bahay. I want to go out.”

“Are you sure kaya mo na? I mean, more

than a week pa lang mula nang lumabas ka ng hospital.”Mahihimigan ang pag-aalala sa kanyang tinig.

“Lana, simpleng D and C lang ang ginawa sa akin. Hindi naman major operation iyon. I just lost a baby!”

Nakadama siya ng awa sa nahimigang panghihinayang sa tinig nito. Hindi kaila sa kanya ang pagnanais ni Jan na magkaanak. Pero sa malas ay nakunan itong muli. Isa pa rin iyon sa bagay na nagpa-guilty sa kanya. She never went to see her. Tumatawag lang siya para malaman ang kalagayan nito.

“So, ano p’wede ka ba ngayon?”

She wanted to say no. Pagod siya at wala siya sa mood na gumala. She just wanted to go home and sleep.

“Okay, sige. Saan tayo magkikita?” sa wakas ay sabi niya.

“Sa *Pizza Company* na lang.”

“Gusto mo bang sunduin kita? O kaya mo na magmaneho?”

“Huwag na. Magkita na lang tayo sa *Festival Mall*. Anyway, hindi naman ako magmamaneho. Kasama

ko si Mang Isko. Pinagbawalan na ako ni Allister na lumakad mag-isa.”

Bahagyang tinambol ang dibdib niya pagkarinig sa pangalan ng asawa nito. It was always like that. Ang akala niya ay na-outgrow na niya ang infatuation niya kay Allister.

*Infatuation nga lang ba iyon?* She tried to erase that question from her mind.

“Okay. Magkita na lang tayo in about...” Tiningnan niya ang wristwatch. Nasa Casimiro, Las Piñas ang private school na pinagtuturuan niya. Ito naman ay manggaling sa Ayala Alabang. “...thirty minutes?”

Umoo ito. Pinatay na niya ang cellphone at naiiling na iniligpit ang mga gamit. Nakadama rin siya ng pagkasabik sa muling pagkikita nila ni Jan.

Nang masigurong wala nang kalat sa loob ng silid ay pinatay na niya ang mga ilaw at isinara ang pinto. Nginitian niya ang ilang mga bata na bumati sa kanya pati na rin ang mga kakilala niyang magulang. Di naglaon ay sumasabay na siya sa mga taong palabas ng gate ng eskuwelahan.

Walking distance lang ang waiting shed. Marami nang tao ang nag-aabang ng jeep doon. Mabuti na



lamang at may isang nagdaan na wala pang sakay kaya di na siya nahirapan. Maaga pa siya sa sinabi niyang oras na hihintayin siya ni Jan.

---

Five minutes lang ay nakita na niyang papasok ang kaibigan sa paborito nilang pizza house. Kaagad siyang tumayo at sinalubong ito ng yakap.

“You’ve lost weight,” puna kaagad niya.

“And you’re beautiful as ever,” pagbibiro nito. Nagkatawanan sila.

Hustong inilapag ng waiter ang order nila. They ate as they chatted. Tahimik na inobserbahan ni Lana ang kaibigan. She looked happy outside, pero malungkot ang mga mata nito. At hindi na niya kailangan pang tanungin kung bakit.

Nag-aalala siya para rito. Ayaw niyang isipin na pinababayaan ito ng asawa dahil hindi ganoon ang pagkakilala niya kay Allister. Pero ano nga ba ang alam niya? Mula nang maging engaged ang dalawa ay umiwas na siyang sumama sa mga ito. At nang ikasal ang mga ito ay bihira na niyang pasyalan ang kaibigan. Utang-na-loob na lamang ang pumipigil sa kanyang putulin na nang tuluyan ang ugnayan nila.

“Jan, may problema ka ba?” tanong niya nang matapos silang kumain.

“Other than physically, wala naman.”

“Para kasing... Is Allister treating you right?” hindi na rin nakatiis na tanong niya. Napapantastikuhang tumingin ito sa kanya.

“Ano ba namang klaseng tanong iyan? Of course he is!” Pagkuwan ay tinitigan siya nito nang may pagdududa.

“Lana, galit ka ba kay Allister?”

She let out an empty giggle. “Hindi ako galit sa asawa mo. Bakit mo naman nasabi iyan?” Nagkibit-balikat ito. Nagpaliwanag siya, “I’m just worried about you, Jan. Kaya naitanong ko iyon. Baka lang ’ika ko hindi ka niya naalagaan nang maayos dahil mas inuuna niya ang negosyo.”

Ngumiti ito at pinisil ang isang kamay niya.

“Wala kang dapat ipag-alala. Allister is the most caring, most lovable husband any woman can ever dream of! Hindi niya ako pinababayaang. At kahit sobrang busy siya sa negosyo, kahit paano’y hindi siya nakakalimot na bigyan ako ng oras. In fact,” ang ngiti nito ay umabot na sa mga mata, “we’re going to

Italy next week. Isang buwan kami doon.”

She sounded so excited na kahit paano ay naglubag ang loob ni Lana.

“I’m sorry kung naghinala ako.”

“Sus! Okay lang iyon. Alam ko naman na concerned ka lang sa akin. And besides, I know you also like Allister. Kung nagkataong hindi tayo magkaibigan nang nakilala ka niya, I have no doubt na ikaw ang asawa niya ngayon.”

Walang malisya sa tinig ni Jan. Wala ring panunumbat. Pero tumagos pa rin sa puso niya ang sinabi nito. At hindi niya magawang salubungin ang mga titig nito.

Hindi naman nito pinansin ang uneasiness niya.

“Samahan mo akong mag-shopping. I need a few things. ”Tapos manood din tayo ng sine,” parang batang aya nito.

Nangingiting pinagmasdan niya ang kausap. Mas matanda ito sa kanya ng dalawang taon, pero sa kanilang dalawa ay ito ang mas madalas umaktong parang bata. Not in an annoying way, though. Mabait si Jan, masayahin at puno ng buhay. Wala siyang maipipintas dito bilang kaibigan.

Hindi naman nakapagtataakang ganoon ang maging personalidad nito. Jan grew up with everything she needed, isang mapagmahal na pamilya, magandang edukasyon, she was born with the proverbial silver spoon in her mouth, so to speak. Hindi katulad niya.

She was Jan's parents' charity case. Dating driver ng pamilya nito ang kanyang itay. Nang mamatay ito sa atake sa puso noong anim na taong gulang pa lamang siya ay kinupkop siya ng mag-asawa at sinuportahan hanggang sa kaya na niyang tumayo sa sarili niyang mga paa. Kulang pang sabihing utang niya sa pamilya nito ang buong buhay niya.

“Ano, tapos ka na?” Tumango ito. Inilabas niya ang wallet para bayaran ang nakain nila pero pinigilan siya nito.

“Ako na lang, Lana. Ako naman ang nag-imbita sa iyo dito.”

“Pero...”

“Please? Isa pa, na-miss ko ang best friend ko. So parang treat ko na ito sa iyo.”

Ibinalik niya ang pitaka sa bag. “Naku, bahala ka na nga!” Muli silang nagkatawanan.

Lumabas sila ng pizza house na nakahawak pa ito sa kanyang braso at dahil mas matangkad siya ay hinayaan na lamang niya ang kaibigan. She felt warm inside. Para silang nagbalik sa panahong sila lamang dalawa ang palaging magkasama. At deep inside ay na-miss din niya ang mga araw na iyon.

Ginugol nila ang mga oras sa pamimili ng dadalhin nito sa Italy. Namili na rin siya ng ilang mga gamit niya sa apartment. Tumawag si Allister nang magpahinga sila sandali sa isang coffee shop.

“Hello, Darling. I’m here at *Festival Mall*. Kasama ko si Lana.” Sandali itong natahimik habang pinakikinggan ang sinabi ng asawa. “Malapit ka lang? Pupuntahan mo ako dito?” Tumingin sa kanya ang babae. “Okay, sige, mabuti pa nga. Pauwi na rin naman kami.” Muli itong ngumiti. “Okay, I’ll wait for you. ’Bye, ingat ka. I love you.”

Excited itong muling humarap sa kanya. Her eyes sparkled with joy.

“Susunduin tayo ni Allister.”

Pinilit niyang ngumiti. “Ganoon ba? Eh, kung mauna na kaya ako?”

“Are you kidding?” Tumawa lang ito. “Dito ka lang. Hintayin natin siya ’tapos ihahatid ka namin

sa apartment mo.”

Gusto sana niyang tumutol dahil hindi siya komportable sa presence ni Allister. Pero wala na siyang choice dahil habang nag-uusap sila ay nakita niyang palapit na ito sa kanila. She could only smile nervously at pilit umakto nang normal, lest makahalata si Jan. Nang ihatid siya ng dalawa ay tahimik lang siyang naupo sa likuran, oblivious sa panaka-nakang sulyap sa kanya ng lalaki mula sa rearview mirror.

## 2

Nagpalinga-linga si Lana nang makapasok sa restaurant. Nang makita ang hinahanap na nakaupo sa mesa na nasa sulok ay nakangiti siyang lumapit.

“Jan?” Nang humarap ang kanyang tinawag ay kaagad itong tumayo at yumakap sa kanya.

“Lana! Salamat at dumating ka.”

“Kailan pa kayo umuwi?”

“N’ung makalawa lang. ’Nga pala,” may iniabot ito sa kanya na isang maliit na kahon, “pasalubong namin.”

She gladly took it. “Salamat. Nag-abala ka pa.”

“P’wede ba kitang kalimutan? Besides, Allister said na babagay sa mga mata mo ang kulay niyan. He picked it up himself!”

Muntik na siyang maubo sa narinig.

“B-bakit mo ba ako inayang mag-usap dito?” pag-iiba niya ng usapan. Nawala ang ngiti sa magandang mukha ni Jan. Lana frowned, sensing her discomfort. “Jan? May problema ba?”

Isang malalim na buntong-hininga muna ang pinakawalan nito. Nasa mukha nito ang pag-aalinlangan at kawalang kasiguruhan.

“Jan?”

“Noong nasa Italy kami, nagkasakit ako. Allister took me to a specialist. They conducted routine tests. Akala ko’y simpleng trangkaso lang at fatigue. Palagi ko namang nararamdaman iyon. But they saw something in my blood.”

Bigla siyang kinabahan. “May... may sakit ka?”

Marahan itong tumango. “I have SLE, systemic lupus erythematosus. My own immune system’s killing me.”

Ilang segundo rin siyang natahimik. “H-how fatal is it?” Iyon kaagad ang naisip niyang itanong.

“Sadly, wala siyang cure. All they can do is to relieve the symptoms at alagaan ang ibang internal organs ko para huwag maapektuhan.”

“J-Jan, are y-you... a-are you...”

“Am I going to die?”

Parang gusto niyang maiyak. Of course mamamatay ito. Lahat naman ng tao, namamatay.



It's inevitable! It's just a matter of how and when! Pero isipin pa lang niya na mawawala sa kanya ang kaibigan this soon? Iyon ang bagay na hindi niya matanggap. Nevertheless, she blinked back unwanted tears. Hindi ito ang oras para ipakita kay Jan na pinanghihinaan siya ng loob.

“W-wala namang taning na ibinigay ang mga doctor. Kung hindi maaapektuhan ang mga vital organs ko, I could still live for ten years.”

Bahagya na siyang nakahinga. Pero hindi sapat iyon para mapanatag siya.

“But it's not the reason kung bakit gusto kitang makausap.”

Tumingin siya rito nang may pagtatanong.

“Noong malaman ko ang talagang sakit ko, naisip ko agad si Allister. Alam kong nabigla siya at nag-alala sa akin. Kahit hindi niya ipinapakita, alam ko na nahihirapan siya. Ni hindi pa nga siya nakakabawi sa pagkawala ng anak namin, and now this!” Nailing na pinahid nito ang luhang naglandas sa pisngi. “I don't want to put him through another misery.”

“J-Jan...” She extended a sympathetic hand.

“Tanggap ko na ang kalagayan ko, Lana. Ang

hindi ko lang matanggap ay ang nasasaktan ko si Allister nang di-sinasadya. And I can't even give him a complete family!"

She could only nod. Wala siyang maisip na sabihin para maglubag ang loob nito. Wala rin siyang maisip na paraan para matulungan ito.

"Gusto kong... gusto kong bigyan ng anak si Allister. Alam kong sa pamamagitan noo'y mapapagaan ang dinadala niya ngayon."

Lana smiled reassuringly. "I know you can, Jan."

"H-hindi mo ako naintindihan."

She frowned.

"It will be hard for me to conceive again. Isa iyon sa mga komplikasyon ng sakit ako. At kung sakali mang mabuntis ako muli, walang guarantee na makakaya ko siyang dalhin to full term."

"Baka may mga gamot na p'wedeng tumulong sa iyo. Moderno na ang medisina ngayon. Huwag kang mawalan ng pag-asa," pang-aalo niya.

"Ang isa pang ikinatatakot ko, sakali mang magkaanak kami, baka mamana ng magiging anak ko ang sakit ko."

“H-hindi naman siguro mangyayari iyon.”

“I still don’t want to take the risk, Lana.”

Hindi niya malaman kung ano ang sasabihin sa kaibigan. Nalilito rin siya. Hindi niya maunawaan kung ano ang gusto nitong mangyari.

Seeing Jan now, malayo na ito sa palaging nakangiti at carefree na taong nakilala niya. She looked beaten, in and out. Pero nagsisikap itong maging matatag. And she admired her even more.

“Mahal na mahal ko si Allister, Lana.”

She squeezed her trembling hands. “Alam ko.”

Hindi niya pagdududahan ang sinasabi nitong pagmamahal sa asawa. Saksi siya kung paano nagsimula ang relasyon ng dalawa. She ignored the familiar pain in her heart as the memories flooded in.

She grew up being Jan’s faithful shadow, kasama nito kahit saan. At saksi siya kung paanong halos sambahin ng kalalakihan ang kaibigan. Jan was the classic beauty, a heart shaped-face, creamy white skin, pink lips, small upturned nose, and gorgeous eyes. Idagdag pa na halos perpekto rin ang hugis ng katawan nito. Kung tumangkad lamang ito nang kaunti ay papasa na itong kandidata sa beauty

contest. But what Jan lacked in height she made up with elegance and beauty.

Samantalang siya? She was just ordinary. Marami rin naman ang nagsasabing exotic ang ganda niya. Maybe it's because of her honey-colored skin and her contrasting dark blue eyes, na hindi niya alam kung kanino niya namana. Magkaganoon man, wala pa rin siya sa kalingkingan ni Jan. Hindi niya ginawang big deal ang malaking ungos nito sa kanya. She was happy for her.

Until she met Allister.

*“Ayy!” Nabitiwan ni Lana ang bitbit na mga bags nang bumunggo sa kanya ang malapad na bulto ng isang lalaki. Naglalakad siya sa pasilyo palabas ng rest room nang makita niyang pasalubong ito sa kanya. Busy ito sa pag-te-text kaya hindi siya nito nakita. Huli na para makaiwas kaya huminto na lamang siya sa kinatatayuan niya.*

*“Oops!” Nabigla rin si Allister. Awtomatikong pumaikot ang mga kamay nito sa baywang niya para hindi siya matumba. Luckily, they both gained their composure.*

*“Miss, I’m so sorry! Nasaktan ka ba?” nag-aalalang tanong nito. Titig na titig siya sa mukha nito na parang*

isa itong Olympus god na pumanaog sa lupa. At sa unang pagkakataon sa buhay niya ay nakadama siya ng kuryente sa sandaling pagkakadikit ng kanilang mga katawan. Ngunit bago pa siya makapag-react sa tanong nito ay lumapit na sa kanila si Jan na noon ay kalalabas lang ng rest room.

“Lana? Ano’ng nangyari?” she asked worriedly. And the moment Jan met the stranger’s eyes, her voice broke in happy recognition. “Allister?”

“Jan?”

Nauwi sa isang early dinner ang pagkikitang iyon. And all the while ay tahimik lamang siyang nakinig sa pagkukumustahan ng dalawa. It turned out that Allister was Jan’s childhood sweetheart. Kauwi lamang nito galing sa Canada kung saan ito kumuha ng masteral degree sa Business Administration. Halata na niya ang sobrang pagkagiliw ni Jan sa binata, at ito ma’y ganoon din. May kurot siyang nadama sa kanyang puso. At sa unang pagkakataon ay nakadama siya ng inggit sa kaibigan.

Ilang buwan lang ay ipinahayag na ang engagement ng dalawa. Two months after that ay ikinasal ang mga ito. She stood happily beside Jan as her bridesmaid, ignored the pain gnawing at her heart. And she treated Allister as her friend, kahit higit pa roon ang nais niya.

“Gusto ko siyang bigyan ng anak.”

Ang tinig nito ang gumising sa naglalakbay niyang diwa.

“P-pero ang sabi mo’y...”

“Noong nasa ospital ako, I had an idea. We can still have a child kahit hindi ako magbuntis.”

“Mag-aampon ka?”

Umiling ito. “Nope! Ayokong mag-ampon, Lana.”

Nabigla siya sa sinabi nito. “Don’t get it wrong,” dugtong nito nang makita ang pagtataka sa mukha niya. “Hindi ako snub and I don’t have anything against adoption. Kaya lang... kaya lang ay parang hindi ako palagay na hindi niya kadugo ang sanggol na palalakin ni Allister. I want him to have his own child, his own flesh and blood!”

Justifiable naman ang reason nito. Kaya lamang ay di pa rin niya masundan ang gustong mangyari ni Jan.

“Ano’ng sabi ni Allister? Nabanggit mo na ba sa kanya?”

“Ayaw na ni Allister na isipin ko pa ang bagay na iyon. Okay lang daw sa kanya na wala kaming anak.

Mas mahalaga daw na gumaling ako sa sakit ko.”

“Iyon naman pala. Siguro’y dapat mo na lang siyang sundin.”

“Ayoko, Lana.” Her face was grim. “Hindi mo kilala si Allister. Sinasabi lang niya iyon para hindi ako ma-depress. But I also know how much he yearns for a child. And I’m going to give him one, whatever it takes,” puno ng determinasyong pahayag nito.

Stubborn as ever. Ganoon si Jan lalo’t mga mahal nito sa buhay ang involved. Mahal na mahal talaga nito si Allister.

“Kung hindi kayo mag-aampon, ano ang binabalak mo?” She reached for her cup of tea.

“Kukuha ako ng baby maker.”

Muntik na niyang maibuga ang iniinom. Tama ba ang pagkakarinig niya?

“You mean a surrogate mother?”

“No. A baby maker.”

Nailing na inilapag niya ang puswelo ng tsa.

“Jan, sigurado ka na ba talaga sa binabalak mo? Alam mo ba kung ano ang baby maker?”

“Of course I do!”

“At... papayag ka na magkaanak si Allister sa ibang babae?”

“K-kung iyon lang ang paraan para mabigyan siya ng anak. At saka, artificial insemination lang naman ang gagawin. Hindi na nila kailangan pang magkaroon ng sexual contact.”

“Alam ba ni Allister ito?”

Umiling ang kausap. “No, not yet. Hindi ko pa sinasabi sa kanya. Alam ko kasi na hindi siya papayag.”

“Kung ganoon, bakit itutuloy mo pa? Jan, baka naman ikaw lang ang gumagawa ng sarili mong problema. Sinabi naman ni Allister na—”

“I know you won’t understand.”

She gazed patiently at her friend. Kung minsan ay masyadong nadadala ng damdamin nito si Jan. Nawawala tuloy ang kakayahan nitong mag-isip nang tama.

“Ang mabuti siguro’y umuwi na tayo para makapagpahinga ka. Pag-isipan mo muna nang makailang ulit ang sinabi mo bago mo gawin.”



“I already did! I’ve thought about this a thousand times at buo na ang pasya ko.”

“Pero, Jan...” Nahilot ni Lana ang sintido. Sa hitsura ng kaibigan ay hindi ito makikinig sa anumang paliwanag niya. But still, maybe she can put some sense into her. “Okay. So you want to hire a babymaker. Paano mo sasabihin sa asawa mo? Paano mo siya mapapapayag sa plano mo?”

“I can handle him.”

“And granted na umayon nga ang asawa mo, saan ka naman makakakita ng matinong babae na papayag maging babymaker? Huwag mong sabihin na okay lang sa iyo na maanakan ng asawa mo ang kahit sino na lang diyan?”

“Naisip ko na din iyan. At hindi lang basta kung sino ang naisip kong maging babymaker.”

Titig na titig si Jan sa kanya. Bigla siyang kinabahan. May pakiramdam siyang hindi niya magugustuhan ang sunod na sasabihin nito.

“I want you to be that woman, Lana.”

# 3

Tulala pa rin si Lana nang makapasok sa kanyang apartment. Naghiwalay sila ni Jan na walang malinaw na kasunduan sa pagitan nila.

Pasalampak na naupo siya sa sofa. Pakiramdam niya ay daig pa niya ang nagtrabaho nang beintecuatro oras na walang pahinga. She felt very tired. Hindi niya maintindihan kung ano ang pumasok sa utak ng kaibigan at nakaisip ito ng ganoon.

*“Are you out of your mind, Jan?” Kung hindi niya kilala ang babae ay iisipin niyang isang malaking biro lamang ang sinabi nito. Baka napagkatuwaan lamang sila ng isang gag show at kinuha itong accomplice para biruin siya. She was expecting some stranger to just appear and tell her na naisahan siya on national television. She would even welcome their ridiculous scheme. Pero hindi. Seryoso ang kausap niya. Wala sila sa isang gag show.*

*“Naiintindihan mo ba ang sinabi mo? You want me to have Allister’s child?” Nang hindi ito kumibo at nanatili lamang nakatitig sa kanya ay binirahan niya ng tawa. Pero walang humor sa tawang pinakawalan niya. “Nasisiraan ka na nga ng bait!”*

*“Matino ang isip ko, Lana. And I’m serious nang sabihin kong ikaw ang gusto kong maging ina ng anak namin ni Allister.”*

*“Pero, Jan...”*

*“Lana, try to understand. Hindi ordinaryo ang sakit ko and who knows kung magtatagal pa nga ako. Giving Allister a child is the last thing I want to do bago pa man ako mamatay.”*

*“No, you’re not dying! Sinasabi mo lang iyan para pumayag ako sa gusto mo.”*

*“Hindi ako nagsisinungaling!”*

*Her lips formed a thin line. She was growing impatient. Nagiging irrational na si Jan. Humugot ito ng malalim na hininga, a helpless sigh.*

*“Please, Lana. Hindi mo kailangang sumagot kaagad. P’wede mong pag-isipan ang bagay na ito. Although I hope na hindi ka matatagalan sa pagdedesisyon.”*

*“Hindi ko na kailangang mag-isip. Isa lang ang isasagot ko. And that’s a big no!”*

*“Lana...”*

*“Ayoko, Jan!”*

*Jan pouted her lips at tinitigan siya nang may pagdaramdam ang mga mata.*

*“I can’t believe na hindi mo man lamang magagawang i-consider ang sinabi ko. After all we’ve done for you!”*

*She saw that coming.*

*“Isinusumbat mo ba sa akin ang naitulong ng pamilya mo?”*

*Para namang na-guilty ito bigla.*

*“Oh, Lana. I’m sorry, hindi ko sinadyang sabihin iyon. It’s just that... nawawalan na ako ng pag-asa! Can’t you see I’m desperate?”*

*Desperate for what? For a child? To please Allister?*

*Gusto nang sigawan ni Lana ang kaharap. Walang dahilan para umakto ito nang ganoon. Sa bibig na rin nito mismo nanggaling na hindi naman itinuturing na kakulangan ng asawa ang kawalan nila ng supling. Kung tutuusin ay wala dapat problema. Pero matigas ang ulo ni Jan at sa kalagayan nito ngayon, hindi ito makikinig sa anumang katuwiran niya. Ipipilit at ipipilit pa rin nito ang gusto.*

*Well, if she really wanted a baby maker, maghanap na lang ito ng iba.*

*“I’m sorry too, Jan. But I won’t do it. Kahit ano pa ang sabihin mo.”*

*“Lana, please...” she begged. Ngunit naroon ang determinasyon sa kanyang tinig nang muli siyang magsalita.*

*“No!”*

Lana groaned in frustration. Alam niyang nasaktan niya ang kaibigan. Pero hindi tamang isakripisyo niya ang sarili masunod lamang ang gusto nito. Hindi ba nito naisip kung ano ang magiging impact sa pagkatao niya ng hinihiling nito?

Hindi birong magtanim ng isang sanggol sa sinapupunan. At lalong hindi birong alagaan ito sa loob ng kanyang katawan sa loob ng siyam na buwan at i-give up pagkatapos na parang isa lamang itong bagay na hiniram niya. Hindi niya kayang gawin iyon!

At si Allister? Sakaling pumayag man ito, which she doubted, knowing him, ano ang mararamdaman ng lalaki kapag nalaman nitong siya ang magdadala ng anak nito?

Napadaing ang dalaga nang maramdaman ang pagpintig ng sintido. Sumumpong tuloy ang migraine niya dahil sa naging pag-uusap nila ni Jan.

*Kailangan ko ng kape.*

Tumungo siya sa kusina upang magtimpla ng kape. Medyo naginhawaan siya pagkatapos. Tiningnan niya ang wall clock; alas ocho pa lang ng gabi. Maaga pa at magagawa pa niya ang lesson plan niya para bukas. Pero sa takbo ng isip niya ngayon ay duda siyang makakapag-concentrate siya. Ipinasya na lamang niyang mag-shower at matulog. Gagawin na lamang niya ang kanyang trabaho bukas ng madaling-araw.

---

“Allister?” Nadatnan ni Jan ang asawa na umiinom ng alak habang nanonood ng evening news sa sala. Nakasuot lang ito ng shorts at puting t-shirt, patunay na kanina pa ito nakauwi galing ng opisina.

“Hi!” bati nito sa kanya. Umupo siya sa tabi nito matapos itong gawaran ng halik.

“Where have you been? Bakit hindi mo ako tinawagan?”

“I called Lana. May pinag-usapan lang kami. And I also gave her the bracelet.”

“Did she like it?” Nahimigan niya kaagad ang curiosity sa tinig nito.

“I hope so. Hindi naman niya binuksan.”

Hindi na ito kumibo at inubos ang alak na laman ng baso.

“Umiinom ka agad.”

“Pampaalis lang ng pagod.”

Humigpit ang pagyakap niya sa baywang ng asawa. She felt his fingers caressed her hair.

“Kumusta ang pag-uusap ninyo ni Lana?”

“Oh, it went well,” pagsisinungaling niya.

Allister looked down at her. Nakakunot ang noo nito habang nakatitig sa kanya.

“We just talked.”

“About?”

She grinned. “Girl talk! At bawal ikuwento.”

He arched an eyebrow. Nasa mga mata nito ang kaaliwan. Oh, how she loved this man! If only Lana would agree to her proposition. Biglang nawala ang ngiti niya pagkaalala sa refusal ng kaibigan.

“What’s wrong? May masakit ba sa iyo?” His voice was laced with concern. Hinawakan nito ang mga kamay niya.

“I’m fine, Darling. Napagod lang ako sa biyahe.” Hindi siya nagsisinungaling doon. At hindi rin siya nagsinungaling nang sabihin niya kay Lana na nararamdaman niyang hindi na magtatagal ang buhay niya. Despite all the medications, pakiramdam niya ay nagpo-progress pa rin ang sakit niya. Naroon pa rin ang pag-aalala sa tinig ni Allister nang muling magsalita.

“Ang mabuti pa’y magpahinga ka na. Halika na.”

“Kumain ka na ba ng dinner?” tanong niya habang akay siya nito paakyat ng hagdanan. Tanging tango lamang ang isinagot nito.

Naligo muna siya sa banyo na naroon sa silid nila. Nakaupo si Allister sa kama at ipinagpatuloy ang panood ng TV na naantala kanina, nang lumabas siya sa banyo. Umupo siya sa harapan nito, wearing a terry cloth robe. She kissed him passionately. Kaagad namang tumugon ang asawa.

Ang mga kamay niya ay pumaloob sa suot nitong t-shirt, caressed his chest and his flat abdomen. His breath became labored.

“Please make love to me, Allister,” bulong niya.

“Darling, baka...”



“Please... I want you tonight.”

And she kissed him again deeply, grinding her lower body against his growing arousal, making him groan. Hindi na ito nag-alangan pa.

Allister made love to her slowly and gently until they both reached their peaks. Pagkatapos noon ay kontento siyang humimlay sa dibdib nito.

“I love you, Allister,” she whispered. He mumbled the same words too.

Dapat ay masaya siya. He sated her needs. The sex between them was always good. Allister saw to it na masisiyahan siya, and he never failed her. Pero may kulang, hindi para sa kanya kundi para rito. Nararamdaman niya ang restlessness nito. Maaaring natutugunan niya ang pangangailangan nito bilang lalaki, but still, may hinahanap pa rin ito na wala sa kanya.

---

Matamlay na nilalaro-laro ni Lana ang hindi pa nagagalaw na pasta sa kanyang plato. Nasa cafeteria siya ng *Blessed Sacrament Academy*, ang private school na pinagtuturuan niya. It hadn't been a good day for her. Pumasok siyang puyat at masakit ang ulo. And to make matters worst, ngayong araw pa piniling

maging pasaway ng mga pre-schoolers na tinuturuan niya. Mabuti na lamang at cancelled na ang afternoon classes dahil sa naka-schedule na faculty meeting. At least, may oras siya para magpahinga.

“Bakit mukhang Biyernes Santo ang mukha mo?” Tiningala niya ang tinig na pumukaw sa kanyang pagmumuni-muni.

“Ikaw pala, Jojo.” Isang pilit na ngiti ang isinukli niya sa kaibigan bago bumuntong-hininga. Umupo ang binata sa tabi niya.

“Ang lalim noon, ah. Mukhang may problema ka.”

Muli siyang bumuntong-hininga at itinulak palayo ang plato ng hindi pa nababawasang pagkain. Jojo eyed her with concern. Tinitigan niya ito sandali, tinimbang kung dapat nga niyang ihinga rito ang kanyang problema.

“Baka may maitulong ako sa anumang gumugulo sa iyo?”

Baka nga...

“It’s about Jan. Nagkausap kami kahapon. And she told me some things.”

“Like?”

“She’s sick. And she’s dying.”

Nabitin sa ere ang tinidor na gamit ni Jojo. Halatang nabigla rin ito sa nalaman. Nang hindi ito magkomento ay nagpatuloy siya.

“She has SLE. Ni-research ko sa Internet kagabi.” Ikinuwento niya rito ang lahat ng nalaman tungkol sa sakit ni Jan. “It’s rare and it’s fatal.”

“It must be hard for her.”

“Yes. And I’m worried about her. Pero hindi lang iyon ang gumugulo sa isip ko.”

He leaned closer, his eyes urging her to continue.

“She wanted to give Allister a child, bago man lang daw siya...” she bit her lip. “...m-mawala.”

“Kaya pa ba ng katawan niya? I mean, can she still conceive?”

Umiling siya bilang sagot. “But she wanted me as her baby maker,” pagbibigay-alam niya.

Eksaherado mang sabihin ngunit daig pa ni Jojo ang sinabugan ng bomba sa naging reaksyon nito sa sinabi niya.

“P-pero, Lana...”

“I know, Jojo. At hindi naman ako pumayag sa hiniling niya.” A sigh of relief escaped him, bahagya nang bumalik ang kulay sa mukha nito. “It’s just that...” Lana clasped her hands nervously. Nahahati ang kalooban niya sa pagitan ng pagmamahal sa kaibigan at sa pagpapahalaga sa kanyang moralidad. “I feel so guilty! Alam mong utang ko sa pamilya ni Jan ang buong buhay ko. If it weren’t for them, who knows kung ano na ang kinahantungan ko.”

“Pero hindi naman yata tamang isakripisyo mo ang sarili mo para lang sa kanya. Hindi tamang iyon ang hingin niyang kabayaran sa lahat ng mga naitulong niya sa iyo.”

“Alam ko, pero...”

“Are you even sure that she’s sick? Baka gumagawa lang siya ng kuwento?”

May bahagyang galit na naramdaman si Lana sa sinabi ng binata.

“Walang dahilan para magsinungaling sa akin si Jan. At hindi rin siya ang tipo ng tao na gagawing isang biro ang ganoon kaselan na bagay. And she loves Allister so much. Hindi niya gugustuhing may makasalo sa pagmamahal ng asawa niya kahit gaano pa ka-temporary. Hindi siya mag-aalok ng ganoon

kung kaya din lang niyang gawin!”

May bahid ng pagkayamot ang tinig ni Jojo nang magsalita. “Lana, for once isipin mo ang p’wedeng mangyari kapag pumayag ka. You’re a teacher. Tinitingala ka ng mga students mo as a role model. Ano na lang ang sasabihin nila kapag bigla ka na lang nagdalantao nang walang asawa? And how about your career? Alam mo na hindi tino-tolerate ang immorality sa eskuwelahang ito, no matter what the circumstances or how noble, hindi nila mauunawaan iyon! Your reputation will be ruined!”

She closed her eyes and groaned in exasperation. Tama ito.

“Oh, Jojo, ano’ng gagawin ko?” she asked weakly.

Hinawakan ng binata ang isa niyang kamay at pinisil.

“Panindigan mo ang desisyon mo.”

*Kung sana lang ay ganoon kadali iyon, mga salitang hindi na lamang niya isinatinig.*

---

Uwian na naman. Kasalukuyang inaayos ni Lana ang mga visual aids na ginamit niya nang bumungad sa pinto ng silid si Jojo.

“Pauwi ka na ba? Sabay na tayo,” alok nito nang tumango siya.

“Imisin ko lang ang mga ito. Hintayin mo na lang ako sa lobby.”

May ngiting iniwan siya nito. Hustong nawala ang binata nang tumunog ang kanyang cellphone. Nag-alangan siyang sagutin iyon nang makita ang pangalan na naka-register sa screen. It had been a week mula noong nagkausap sila ni Jan.

“Hello.”

“Hi!” came Jan’s nervous voice. “Ang akala ko’y hindi mo sasagutin ang tawag ko.”

“Jan...”

“I know, Lana, and I’m sorry.” Hindi siya kumibo. “Hindi ako tumawag para kumbinsihin ka uli. Let’s just forget it, okay?”

“Okay. So, bakit ka napatawag?” Bigla siyang natilihan nang maalala ang kalagayan nito. “Are you okay?”

Isang mahinang tawa ang narinig niya sa kabilang linya.

“You worry too much. Okay lang ako. Tumawag

ako dahil gusto kitang i-invite na dito na mag-dinner sa bahay.”

Napanatag ang loob niya sa sinabi nito. “Sure. Uuwi lang muna ako...” Biglang naputol ang linya.

*Damn! Low batt na pala ako.* Hindi bale na.

Binitbit na niya ang shoulder bag at ilang mga folders saka lumabas ng classroom. Hinanap niya si Jojo sa lobby. Ngumiti ito nang makita siya at kaagad na kinuha ang mga bitbit niya. Hinawakan pa nito ang kamay niya habang naglalakad sila papunta sa parking lot.

“Allister?” gulat na bulalas niya nang makita ang lalaki na nakasandal sa tabi ng kotse nito. Kaagad itong tumuwid nang makita sila, bahagyang naningkit ang mga mata nito nang makita ang kamay niyang hawak ni Jojo. Parang nakuryente tuloy na bigla niyang binawi ang kamay.

“Hi,” matabang na bati nito. His eyes roamed her face lazily. Bigla namang umakyat ang pamumula ng kanyang pisngi kaya kaagad siyang nagbaba ng ulo. Those eyes never failed to unnerve her. He never failed to unnerve her!

“Ano’ng ginagawa mo dito?” It was the first time na pinuntahan siya nito sa eskuwelahan. Mula

noong malaman niyang nagkakamabutihan na ito at si Jan ay unti-unti na niyang idinistansya ang sarili sa tuwing magkasama ang dalawa. Hindi kasi niya kayang tiisin ang sakit sa tuwing nakikita niyang naglalambingan ang mga ito. And he never seemed to mind. Magkaibigan sila. Pero hindi na humihigit sa usual courtesy ang atensyong ibinibigay nito sa kanya.

“Hindi mo ba muna ako ipapakilala sa kasama mo?” tanong nito sa halip. Para namang napahiya siya.

“Uhm... oo nga pala, pasensya ka na. Si Jojo, kaibigan ko. Jo, si Allister, asawa ni Jan.”

Both men eyed each other cautiously. Nagsalubong ang kanyang mga kilay sa pagtataka. Bakit parang may hostility na bumabalot sa pagitan ng dalawang ito?

“Kumusta ka, Pare?” Si Allister ang unang naglahad ng kamay.

“Okay lang.” Tinanggap naman iyon ni Jojo.

Muling bumaling ang pansin ng asawa ni Jan sa kanya pagkatapos.

“Ipinapasundo ka ni Jan. You’re supposed to



have dinner with us tonight. Hindi ba niya itinawag sa iyo?”

“S-she did. Hindi lang niya nasabi na susunduin mo ako. Nag-low batt na kasi ang cellphone ko kaya naputol ’yung usapan namin.”

He just shrugged his shoulders. “Mukha namang ready ka na. Let’s go.”

“Ha? P-pero...” Napasulyap siya sa katabing binata, her eyes apologetic. Ngumiti si Jojo, tanda ng pang-unawa.

“Okay lang. Sige na.” Muli itong bumaling kay Allister at bahagyang tumango bilang pamamaalam. “See you tomorrow,” paalam naman nito sa kanya. She smiled. Pero bago ito tuluyang lumayo ay ginawaran pa nito ng isang mabilis na halik ang kanyang labi, bagay na ikinabigla niya. Isang tikhim ang pumukaw sa kanya.

“Let’s go!” Madilim ang mukha na nauna nang lumulan sa kotse si Allister. Padabog pa nitong isinara ang pinto sa driver side. Tahimik siyang pumuwesto sa passenger seat, manaka-nakang sumusulyap sa katabi.